THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Pamamahagi ng Relief Goods, pinagpatuloy!

VOLUME 2 No. 08 Jan. 02, 2023 - Jan. 08, 2023

# MGA NAAPEKTUHAN NG PAGBAHA SA BAYAN NG BACO, PINAMAHAGIHAN NG RELIEF GOODS

MULING NAMAHAGI ng relief goods ang Pamahalaang Panlalawigan ngayong araw, Enero 5 sa tatlong barangay na naapektuhan ng pagbaha sa bayan ng Baco.

Pinangunahan ni Provincial Administrator MD Hubbert Christopher A. Dolor, kinatawan ni Governor Bonz Dolor ang naturang pamamahagi katuwang sina Baco Mayor Allan A. Roldan at PSWDO Zarah C. Magboo.

Ayon kay Provincial Administrator MD Dolor, nais maipadama ng Pamahalaang Panlalawigan ang pagkalinga sa mga mamamayan sa panahon ng kalamidad. Aniya pa, maliit man ang ayudang kaloob ng Kapitolyo, makakatulong naman ito sa panandaliang pangangailangan.

Unang namahagi ang grupo sa Barangay Mangangan II kung saan umabot sa 355 indibidwal ang nabiyayaan ng relief goods. Sunod namang namahagi sa Barangay Burbuli kung saan umabot sa 257 ang napagkalooban. Samantala, nasa 457 naman ang napagkalooban ng relief goods sa Barangay Catwiran I.


Sa mga nabanggit na barangay, pasasalamat ang ipinaabot ng mga punong barangay sa agarang tulong ng Pamahalaang Panlalawigan na ipinagkaloob sa kanila. (CIO Calapan)











THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT


THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




TINGNAN: Ito ang naging sitwasyong noong Jan. 03, 2023. Halos humigit kumulang sa 1km na pila ng mga babyahe at sasakay barko palabas ng Oriental Mindoro sa may labas ng Calapan Port. Lampas pa ito sa may Total gasoline station.










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# Pamamamahagi ng Relief Goods, pinagpatuloy!

SA PAGPAPATULOY ng pamamamahagi ng Pamahalaang Panlalawigan ng food packs sa mga barangay na naapektuhan ng pagbaha, tinungo ng grupo ang apat na barangay sa District 8 ng bayan ng Naujan ngayong araw.

Sa atas ni Governor Bonz Dolor, pinangunahan ni Vice Governor Ejay Falcon ang naturang pamamahagi katuwang sina PSWDO Zarah C. Magboo, mga Board Members na sina Faye Ilano, Alely Casubuan at Bong Brucal, gayundin si Naujan Municipal Administrator Engr. Erwin Gayutin. Kasama rin nila ang ilan pang mga kawani ng Pamahalaang Panlalawigan na mula sa PDRRMO at PSDWO.

Ayon kay Vice Governor Ejay Falcon, ang kanilang ginagawang pamamahagi ay nagpapakita lamang na mayroon silang mga lingkod-bayan at pamahalaang handang tumulong sa panahon ng pangangailangan. Sa kabila ng nararanasang unos, matuto din aniya tayong magpasalamat sapagkat buhay tayong lahat at ito ang mahalaga, dagdag pa niya.

Lubos naman ang pasasalamat ng mga mamamayang tumanggap ng mga food packs tulad ni San Andres Barangay Captain Domingo Limbo, 'Maraming salamat po sa agarang tulong, na kahit na kami ay malayo at nasa sulok ay hindi nyo nakakalimutan. Tunay ngang ang Pamahalaang Panlalawigan ay hindi nagpapabaya sa kanyang mga mamamayan.'

Sa araw na ito, humigit kumulang na 875 na pamilya ang napagkalooban ng food packs mula sa mga barangay ng San Andres, Tagumpay, Inarawan at Mahabang Parang sa bayan ng Naujan. (CIO Calapan)















THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 08 Jan. 02, 2023 - Jan. 08, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *First CGC Department Heads Meeting for 2023, isinagawa*









MATAPOS ang holiday season, balik trabaho na ulit ang buong Pamahalaang Lungsod upang ipagpatuloy ang mga programa para sa taumbayan.

Sa unang linggo ng 2023, ika-4 ng Enero, ay isinagawa ang unang papupulong ng mga hepe ng iba't ibang departamento at program managers ng Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at City Administrator Atty. Reymund Al Ussam.

Dahil sa magandang feedback ng taumbayan ukol sa mga naganap na mga gawaing kabilang sa pagdiriwang ng Pasko, Bagong Taon, at Kapistahan ng Sto. Niño de Calapan, pinaabot ng Punong Lungsod at ni Atty. Ussam ang pagbati at pasasalamat sa mga departamento na nanguna at naging bahagi ng mga programa.

Isa sa mga naging agenda ng pormal na pagpupulong ay tungkol sa paghahanda sa darating na pagdiriwang ng Kalap Festival 2023 at sa Silver Founding Anniversary ng Lungsod ng Calapan.

Ayon kay Atty. Ussam, dapat ay magkaroon na ng komite at inaasahan na maglevel up pa ang mga aktibidades na isasagawa para sa pagdiriwang bilang ang lungsod ay nasa ika-25 o Silver Founding Anniversary na.

Ipinahayag din ng City Mayor Malou ang pagnanais niya na mas maging ganap ang partisipasyon ng mga Calapeño sa nasabing pagdiriwang.

Ilan pa sa mga tinalakay ay ang mga ordinansang inaasahang mahigpit na ipapatupad ngayong taon sa pangunguna ng Public Safety Department sa lungsod ng Calapan.

Muli ding aarangkada ang Serbisyong TAMA para sa Barangay Caravan ngayong buwan ng Enero upang ipagpatuloy ang pagbibigay ng mga serbisyo.

Nagbigay naman ng mga updates ang iba pang mga department heads tungkol sa mga programang ilulunsad nila para sa taong ito.

Nagkaroon din ng munting selebrasyon sa pamamagitan ng Traditional Toast para ipagdiwang ang mga matagumpay na programang inilunsad at ang mga parangal na nakamit ng pamahalaan nitong 2022 (Thea Marie J. Villadolid/ CIO).